City of Seattle

Minamahal na residente ng Seattle,

Ang pagpapa-init ng inyong tahanan gamit ang langis ay mahal, ngunit ang isang electric heat pump na matipid sa enerhiya ay makakapagpababa ng inyong gastos sa pagpapa-init habang nagbibigay ng air conditioning sa panahon ng mainit na tag-init.

Sa limitadong oras na pagpopondo, maaari kayong makatipid ng hanggang $8,000 sa paglipat sa isang heat pump.

ILAN SA MARAMING DAHILAN PARA LUMIPAT MULA SA LANGIS PATUNGO SA ELECTRIC HEAT:

Makatipid ng higit sa 50% sa inyong bayarin sa pagpapainit ng tahanan.

Damhin ang ginhawa sa buong taon: ang pagpapa-init at pagpapalamig ay magkasama sa isang sistema.

Ang paglipat mula sa fossil fuel tungo sa malinis na kuryente ay nakakatulong sa kapaligiran.

Narito kung paano makatipid ng hanggang $8,000 sa isang heat pump:

Hakbang 1. Makipag-ugnayan sa mga kalahok na kontratista na nakalista sa www.NoMoreOilHeat.com para makakuha ng libreng pagbisita sa bahay at pagtatantya ng gastos. Inirerekomenda namin ang pagkuha ng tatlong pagtatantya.

Hakbang 2. Pumili ng isang kontratista at i-install ang heat pump. Ang inyong kontratista ay maglalapat ng hanggang $6,000 sa mga rebate nang direkta sa inyong resibo.

Hakbang 3. Isasara ang inyong tangke ng langis (alinman sa ilagay sa lugar o alisin) upang matiyak na ang langis ay hindi nakatambak na hindi ginagamit sa inyong tangke, na magdudulot ng mga pagtagas sa hinaharap.

Hakbang 4. Mag-apply para sa $2,000 tax credit kapag nag-file kayo ng inyong federal income taxes sa susunod na taon.

Ang paglipat sa isang electric heat pump ay nagpapababa ng inyong mga gastos sa pagpapa-init at nagpapabuti sa inyong kaginhawaan at kalusugan, lahat habang tinutulungan ang kapaligiran sa pamamagitan ng pag-alis ng maruming langis. Gamitin ang mga limitadong oras na insentibo upang suportahan ang inyong pagpapalit!

Upang maging karapat-dapat, kailangan ninyo na maging may-ari ng bahay sa Seattle na may gumaganang hurno ng langis. Bisitahin ang www.NoMoreOilHeat.com para sa karagdagang impormasyon at para makahanap ng kalahok na kontratista ngayon! Ang mga sambahayan na may mas mababang kita ay maaaring makakuha ng libreng heat pump mula sa Lungsod ng Seattle. Bisitahin ang www.seattle.gov/cleanheat para makita kung kayo ay kwalipikado.

Sincerely,

Michelle Caulfield, Interim Director
Office of Sustainability and Environment

Rebates funded by:

City of Seattle

MITSUBISHI ELECTRIC
HEATING & AIR CONDITIONING

CLIMATE COMMITMENT ACT